Republic of the Philippines
Department of Education
Region III
**SCHOOLS DIVISION OF BULACAN**
Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

Agosto 6, 2019

Sa mga: Hepe ng Dibisyon
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekondarya
At sa iba pang Kinauukulan

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay nakatakdang ipagdiwang ang ika-441 Guning Taon ng Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan na gaganapin sa Agosto 15, 2019, ganap na ika-8:00 ng umaga sa Harap ng Gusali ng Kapitolyo, Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compund, Lungsod ng Malolos.

Kaugnay nito ay malugod na inaanyayahan sa nasabing palatuntunan ang mga Tagamasid Pampurok at Puno ng mga Paaralang Elementarya ng EDDIS I. Ang kasuotan para sa paksang gawain ay Barong Tagalog at Filipiniana.

Ang liham na ito ay magsisilbing Pahintulot ng Paglalakbay ng mga dadalo.

Inaasahan ang inyong pagbibigay pansin sa bagay na ito.

**ZENIA G. MOSTOLES, Ed.D., CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

LIHAM PANSANGAY
Blg. 144 s, 2019

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Hulyo 30, 2019

DepEd-SDO of Bulacan
RECEIVED
AUG 05 2019
By:
Time: 3:45

**DR. ZENIA G. MOSTOLES, CESO V**
*Schools Division Superintendent*
Kagawaran ng Edukasyon
Lungsod ng Malolos, Bulacan

DepEd-SDO of Bulacan Office of the SDS
RECEIVED
AUG 05 2019
By:
Time:

Mahal na **Dr. Mostoles:**

Pagbati!

Isa sa walong sinag ng araw sa watawat ng Pilipinas na kumakatawan sa pinakaunang mga probinsyang nag-aklas laban sa pang-aalipin ng mga Kastila, ang Lalawigan ng Bulacan ay kilala hindi lamang sa taglay nitong mayamang sining, kultura, at turismo, bagkus ay pati na rin sa malaking bahaging ginampanan ng lalawigan sa pagsulong ng isang republikang ang saligan ay demokrasya. Ang pagkakatanghal ng Lalawigan ng Bulacan bilang isang pangunahing lalawigang ehemplo ng kaunlaran, kapayapaan at walang patid na paglago ay isang kapurihang taglay ng bawat isang Bulakenyo na marapat lamang nating dakilain at pahalagahan bilang natatanging legasiya ng ating lahi.

Tungo rito, nakatakda nating ipagdiwang ang ika-441 Guning Taon ng Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng isang maringal na programa. Ang makasaysayang araw ring ito ang hudyat ng pagsisimula ng *2019 Singkaban (Sining at Kalinangan ng Bulacan) Festival* na magtatampok sa mayaman at makulay na kultura, sining at kasaysayan ng ating lalawigan.

Kaugnay nito, magalang namin kayong inaanyayahang dumalo, **kasama ang inyong isang daang (100) district supervisors at principal,** sa pagdiriwang ng **ika-441 Guning Taon ng Pagkakatatag ng Lalawigan ng Bulacan** na gaganapin sa **Agosto 15, 2019, ganap na ika-8:00 ng umaga, sa Harap ng Gusali ng Kapitolyo, *Antonio S. Bautista Bulacan Provincial Capitol Compound*, Lungsod ng Malolos, Bulacan.** Ang kasuotan para sa paksang gawain ay Barong Tagalog at Filipiniana.

Lubos kaming umaasa sa inyong mahalagang pagdalo sa nasabing pagdiriwang.

Maraming salamat.

Lubos na gumagalang,

**DANIEL R. FERNANDO**
Punong Lalawigan

"Sipag at Tapat na Paglilingkod sa Inyo"



*2nd Floor, Capitol Bldg., Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No. +63-44 7918148/49/50 Fax No. +63-44 7910853*
*Email Address: governordanielfernando@gmail.com*



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan